# PAG-UNAWA SA MGA DI-BERBAL NA MENSAHE

1
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Mga Tahimik na Pelikula
- Mga Salita o Aksyon?
- Anong Sabi?
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Kilalanin ng mga estudyante ang kanilang kakayahang makipag-usap nang hindi gumagamit ng mga salita.

Suriin ng mga estudyante ang kahalagahan ng mga di-berbal na mensaheng kanilang ipinapahayag.

Magsanay ang mga estudyante sa paggamit ng mga di-berbal na pahiwatig upang makipag-usap.

# Panimula 3 Minuto

Bilang isang klase, talakayin kung paano nakikipag-usap ang ilang mga hayop nang di-berbal. Ibigay ang mga sumusunod na halimbawa:

- Alam mo ba na kapag ipinakita ng isang usa ang puti sa kanyang buntot, nagpapahiwatig ito ng panganib?
- Alam mo ba na kapag nilalapat ng kabayo ang mga tainga nito sa kanyang ulo, ipinahihiwatig nito na galit ito?

Imbitahan ang mga estudyante na magbigay ng karagdagang mga halimbawa kung paano nakikipag-usap ang mga hayop—halimbawa, ang kanilang mga alagang hayop—nang di-berbal. Ipunto na nakikipag-usap din ang mga tao nang di-berbal. Ipaliwanag na tutuklasin ng mga estudyante kung paano at ano ang kanilang naipapahayag sa pamamagitan ng wika ng katawan.

# Bahagi I: Mga Tahimik na Pelikula 15 Minuto

Layunin: Kilalanin ng mga estudyante ang kanilang kakayahang makipag-usap nang hindi gumagamit ng mga salita.

**1. Isaalang-alang ng mga estudyante ang mga halimbawa ng di-berbal na komunikasyon.**

Itanong kung may nakakaalam kung ano ang isang tahimik na pelikula. Kung kinakailangan, ipaliwanag na noong unang ginawa ang mga pelikula, wala itong anumang tunog. Hindi naririnig ng mga manonood na nagsasalita ang mga aktor. Ipinapakitang nakasulat sa screen sa pagitan ng mga eksena ang impormasyon tungkol sa kuwento. Kung may background na musika, ginagawa ito ng isang taong tumutugtog ng piano sa sinehan habang pinapalabas ang pelikula.

Hilingin sa mga estudyante na mag-isip tungkol sa kung paano magkukuwento ang mga aktor kung hindi sila maririnig na nagsasalita. Maglista ng mga ideya sa pisara. Pagkatapos ng maikling

talakayan, itanong ang “Sa palagay mo ba ay madali o mahirap para sa mga aktor na makipag-usap nang hindi gumagamit ng mga salita? Subukan natin.”

**2. Gamitin ng mga estudyante ng wika ng katawan upang magpadala ng mga mensahe.**

Pumili ng apat na boluntaryo na pupunta sa harapan ng silid upang tumulong sa isang demonstrasyon. Ipaliwanag na susubukan ng bawat boluntaryo na magpahayag ng isang damdamin nang hindi gumagamit ng mga salita. Dapat hulaan ng natitira sa klase kung ano ito. Sabihin sa mga estudyante na obserbahan nang mabuti ang bawat demonstrasyon para masagot nila ang mga tanong tungkol dito pagkatapos.

Isa-isang ibulong ang isa sa mga sumusunod na emosyon sa bawat boluntaryo: takot, galit, kaligayahan, at pagkagulat. Matapos matukoy nang tama ng mga estudyante ang isang emosyon, sabihin sa kanila na ilarawan kung paano ipinahayag ng boluntaryo ang emosyong iyon. Hikayatin ang mga estudyante na ilarawan ang mga partikular na kilos, ekspresyon ng mukha, at postura ng katawan. Ipaliwanag na kapag ginamit ng mga estudyante ang mga aksyong ito, nagpapabatid sila ng mga mensahe sa pamamagitan ng wika ng katawan.

Sundin ang parehong pamamaraan sa apat na bagong boluntaryo. Sabihin sa mga estudyante na susubukan ng mga bagong boluntaryong ito na magpahayag ng mga mensahe, sa halip na mga emosyon. Ibulong ang isa sa mga sumusunod na mensahe sa bawat boluntaryo bago magsimula:

- Ayos lang.
- Anong oras na?
- Tumahimik.
- Paumanhin.

**3. Pagnilayan ng mga estudyante ang kanilang karanasan.**

Itanong sa mga estudyante kung naging mahirap unawain ba kung anong mga mensahe ang ipinahihiwatig kapag walang salitang binibigkas. Sabihin na "Tiningnan natin ang ilang malinaw na

halimbawa ng di-berbal na komunikasyon, ngunit ipinapakita ng mga halimbawang ito kung gaano kaepektibo ang wika ng katawan. Mahalagang magkaroon ng kamalayan sa mga di-berbal na mensahe na iyong ipinadala, dahil puwede kang makapagpabatid ng mga maling mensahe."

**4. Kilalanin ng mga estudyante ang kultura bilang isang salik sa pagbibigay-kahulugan sa mga mensaheng di-berbal.**

Itanong sa mga estudyante kung naranasan na nilang mali ang pagkaintindi sa di-berbal na mensahe ng isang tao. Itanong sa mga estudyante kung nabasa na nang mali ang kanilang mga di-berbal na mensahe ng ibang tao. Sabihin sa mga estudyante na resulta kung minsan ng mga hindi pagkakaunawaan ang iba't ibang pamantayan sa kultura. Ipaliwanag na binibigyang kahulugan ang mga di-berbal na pahiwatig ayon sa kultural na background.

# Bahagi II: Mga Salita o Aksyon? 15 Minuto

Layunin: Masisimulang maunawaan ng mga estudyante ang kahalagahan ng mga di-berbal na mensahe na kanilang ipinapabatid.

**1. Talakayin ng mga estudyante ang kahalagahan ng wika ng katawan.**

Ilista ang ilan sa mga paraan kung paano naihahatid ang mga di-berbal na mensahe sa pamamagitan ng pagsulat ng mga salitang "ekspresyon ng mukha," "kilos," at "postura ng katawan" sa pisara.

Sabihin na "Minsan, hindi lang kung ano ang sinasabi mo, kundi ang paraan ng pagsasabi mo nito ang makakapagpabatid ng mga mensahe sa iba." Sabihin sa mga estudyante na tunghayan nang mabuti habang ipinapakita mo ang puntong iyon gaya ng sumusunod:

- Tumingin nang diretso sa mata ng isang estudyante habang mariin mong sinasabi, "Nahuli ako dahil hindi umandar ang sasakyan ko."

- Tumalikod sandali, pagkatapos ay kausapin muli ang estudyante. Sa pagkakataong ito, tumingin sa itaas at sa kanan ng estudyante at sa lupa pagkatapos habang nag-aalinlangan kang sabihin, “Nahuli ako dahil hindi umandar ang sasakyan ko.”

Hilingin sa estudyante na ipaliwanag kung bakit tila hindi ka nagsasabi ng totoo sa pangalawang pagkakataon. (Dapat banggitin ng estudyante na hindi ka direktang nakatingin sa kanila at nag-aalinlangan kang magsalita.)

Idagdag ang “pakikipagtitigan” sa iyong listahan sa pisara. Ipaliwanag na ang pakikipagtitigan, o ang kawalan nito, ay nagpapabatid ng matinding mensahe. Itanong:

- Kung may kausap ka at titingnan mo ng diretso sa mata ang taong iyon, anong mensahe ang ipinapabatid mo? (Pinaninindigan mo ang sinasabi mo; ikaw ay tapat at sinsero.)
- Paano kung nakikinig ka sa isang tao habang nakatingin ng diretso sa mga mata ng taong iyon? (Ibinibigay mo ang buong atensyon mo sa tao at sa kanilang sinasabi.)

Ipaalala sa mga estudyante na puwedeng magkakaiba ang kahulugan ng mga mensaheng di-berbal sa iba't ibang kultura. Halimbawa, sa ilang kultura, itinuturing na kawalan ng paggalang kung ang isang bata ay tumingin nang diretso sa mata ng isang nakatatanda.

**2. Tukuyin ng mga estudyante ang mga paraan kung saan puwedeng magkasalungat ang kanilang mga salita at wika ng katawan.**

Sa pamamagitan ng pagtatanong tulad ng mga sumusunod, magsimula ng talakayan tungkol sa kung paano makakapagpadala ang mga tao ng magkasalungat na mensahe sa pamamagitan ng kanilang mga salita at wika ng katawan:

- Narinig mo na ba ang isang tao na nagsasabing mas malakas magsalita ang mga aksyon kaysa sa mga salita? Ano sa palagay mo ang ibig sabihin nito?
- Sang-ayon ka ba? Bakit o bakit hindi?

- Sa palagay mo ba ang ating wika ng katawan ay puwedeng magpabatid ng mga mensahe na iba sa ating mga salita? Kung gayon, paano?

Hikayatin ang mga estudyante na magbigay ng mga halimbawa. Kung kinakailangan, hilingin sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano puwedeng makapagbatid ng magkasalungat na mensahe ang mga salita at wika ng katawan sa pamamagitan ng pagtayo nang nakabagsak ang mga balikat mo at nakakunot ang noo habang sinasabi mong "Talagang masaya ako na narito ako ngayon." Imbitahan ang mga estudyante na ipaliwanag kung paano nagpapadala ng magkasalungat na mensahe ang iyong mga salita at aksyon.

**3. Gumawa ng mga konklusyon ang mga estudyante tungkol sa di-berbal na komunikasyon.**

Bigyang-diin ang kahalagahan ng di-berbal na komunikasyon sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na nagpapadala ang mga tao ng kasing daming di-berbal na mensahe gaya ng mga berbal. Ituon ang pansin sa kakayahan ng wika ng katawan sa pamamagitan ng pagsasabing "Minsan, ang iyong katawan ay puwedeng magsabi ng ibang kuwento kaysa sa lumalabas sa iyong bibig. Kapag nangyari ito, sino ang dapat paniwalaan ng nakikinig? Kung gusto mong maunawaan ka ng mga tao, siguraduhin na ang iyong mga salita at aksyon ay nagbibigay ng pare-parehong mensahe."

# Bahagi III: Anong Sabi? 15 Minuto

Layunin: Gumawa at magsagawa ng mga pangyayari ang mga estudyante nang sa gayon ay makipag-usap gamit ang mga di-berbal na pahiwatig.

**1. Gumawa ang mga estudyante ng mga role play na may kasamang di-berbal na pahiwatig.**

Tagubilinan ang mga estudyante na makipagtulungan nang magkaka-partner o sa maliliit na grupo ng tatlo o apat katao para gumawa ng maiikling role play na kinasasangkutan ng mga

taong nakikipag-usap nang di-berbal. Dapat isama ng mga estudyante ang isa sa mga sumusunod na halimbawa:

- Pagpapabatid ng isang di-berbal na mensahe lamang, na hindi gumagamit ng anumang salita
- Paggamit ng wika ng katawan upang bigyang-diin o i-complement ang isang berbal mensahe
- Pagpapabatid ng isang mensahe nang berbal at isang salungat na mensahe nang di-berbal

**2. Ipinresenta ng mga estudyante ang kanilang mga role play.**

Imbitahan ang mga estudyante na ipakita sa klase ang kanilang mga role play. Pagkatapos ng bawat presentasyon, hikayatin ang klase na ilarawan ang mga mensaheng ipinahiwatig sa role play. Dapat ipaliwanag ng mga estudyanteng gumaganap kung gaano kahusay na naunawaan ng klase ang mga mensahe.

# Konklusyon 2 Minuto

Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng bahagyang pagyuko ng itaas na bahagi ng katawan mula sa baywang. Ipaliwanag na ganito madalas magbatian ang mga tao sa Japan at Korea. Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang kahalagahan ng pagpapabatid ng mga di-berbal na mensahe na tumpak na naghahatid ng kahulugan ng berbal na mensahe. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Nangyayari ang komunikasyon sa pamamagitan ng mga aksyon pati na rin ang mga salita, kaya magkaroon ng kamalayan sa iyong wika ng katawan.
- Kung nais mong maintindihan nang tama, ipahayag ang parehong mensahe gamit ang iyong mga salita at katawan.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Bakit mahalagang magkaroon ng kamalayan sa wika ng iyong katawan?
2. Ilarawan ang isang sitwasyon kung saan naaapektuhan ng wika ng katawan kung paano binibigyang-kahulugan ng mga tao ang iyong sinasabi.
3. Ilarawan ang isang sitwasyon kung saan naimpluwensyahan ng wika ng katawan ng ibang tao kung paano mo tiningnan ang taong iyon.

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

"Hindi ang iyong mga sinasabi ang mahalaga. Kundi ang mga hindi mo sinasabi!"
Ipalarawan sa ilang estudyante ang pariralang ito sa pamamagitan ng paggawa ng pahayag habang ginagamit ang wika ng katawan na nagsasaad ng kasalungat na kahulugan.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubilinan ang mga estudyante na tumingin ng mga larawan ng balitang nakalimbag o mga aklat ng portrait photography. Tagubilinan silang magsulat ng isang pangungusap na impresyon kung ano ang nangyayari sa bawat larawan.

Pagkatapos, tagubilinan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga tugon sa maliliit na grupo at talakayin kung ano ang nagbigay sa kanila ng kanilang mga impresyon.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Ipainterbyu sa mga estudyante ang mga magulang o ibang mga nasa hustong gulang tungkol sa mga positibo at negatibong di-berbal na mensahe na nakukuha nila mula sa kanilang mga anak. Ipasulat sa mga estudyante ang tungkol sa kanilang mga natuklasan, na nagbabanggit ng mga partikular na halimbawa kung posible.

Ipaulat sa mga estudyante ang kanilang natuklasan sa klase. Gumawa ng dalawang nangungunang 10 listahan na nagpapakita ng mga pinakakaraniwang reklamo at papuri ng magulang.

## PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Ipaliwanag sa mga estudyante na hindi di-berbal na komunikasyon ang American Sign Language, ngunit isang tunay na wika. Ipagamit sa mga estudyante ang internet para saliksikin ang American Sign Language.

Tagubilinan ang mga estudyante na ituro sa kanilang mga kaklase ang ilang mga kilos ng American Sign Language.

## TAKDANG-ARALIN

Ipaobserba sa mga estudyante ang tatlong patalastas at tukuyin ang mga di-berbal na mensahe sa bawat isa. Imungkahi na subukan ng mga estudyante na tingnan ang ilan sa mga patalastas na naka-off ang tunog.

Tagubilinan ang mga estudyante na talakayin kung gaano kahalaga ang di-berbal na komunikasyon sa mga patalastas.

## MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Tagubilinan ang mga estudyante na magbasa ng mga aklat o manood ng mga video tungkol sa pag-uugali ng hayop. Tagubilinan silang magdisenyo ng mga poster na nagpapaliwanag ng kahulugan ng iba't ibang postura ng mga hayop (hal., nakataas na mga balahibo ng aso, nakalantad na mga ngipin, nagwawagwag na buntot). Ipaulat sa mga estudyante ang kanilang mga natuklasan sa isang partner at ipakita ang kanilang mga poster sa silid-aralan.